Mga bakuna sa COVID-19 na nasa U.S.

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay **makakabawas ng sobra sa tsansa mong magkaroon ng COVID-19** at magkasakit ng malubha, maospital o mamatay. Pinag-aaralan pa namin hanggang kailan magtatagal ang proteksyon sa mga bakunang ito.

	Pfizer-BioNTech	Moderna	Johnson & Johnson (Janssen)
Paano ito gumagana	Nagdadala ng genetic material (mRNA) na nagsasabi sa katawan paano gumawa ng spike protein na coronavirus. Ang immune system ay nagrereak sa spike protein at gumagawa ng depensa laban dito.	Nagdadala ng genetic material (mRNA) na nagsasabi sa katawan paano gumawa ng spike protein na coronavirus. Ang immune system ay nagrereak sa spike protein at gumagawa ng depensa laban dito.	Gumagamit ng ligtas na virus para turuan ang katawan mo paano gumawa ng spike protein na coronavirus. Ang iyong immune system ay nagrereak sa protein kalaunan at gumagawa ng depensa laban dito.
Ilang turok ang kailangan?	**Dalawang turok,** dapat 21 araw agwat	**Dalawang turok,** dapat 28 araw agwat	**Isang turok**
Kailan ako matatawag na ganap na bakunado?	**14 araw** pagkatapos ng ikalawang turok	**14 araw** pagkatapos ng ikalawang turok	**14 araw** pagkatapos mong magpaturok
Karaniwang mga ibang epekto pagkatapos ng bakuna	**Reaksyon sa lugar na tinurokan:** pananakit, pamamaga, pamumula **Pangkalahatang ibang epekto:** pagkapagod, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, panginginig, lagnat, pagkahilo, pananakit ng kasukasuan, pamamaga ng kulani	**Reaksyon sa lugar na tinurokan:** pananakit, pamamaga, pamumula **Pangkalahatang ibang epekto:** pagkapagod, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, panginginig, lagnat, pagkahilo, pananakit ng kasukasuan, pamamaga ng kulani	**Reaksyon sa lugar na tinurokan:** pananakit, pamamaga, pamumula **Pangkalahatang ibang epekto:** pagkapagod, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pagkahilo, lagnat
Ano ang gagawin ko kung pakiramdam ko nagka-sakit ako pagkatapos ng aking turok?	Maglagay ng malinis, malamig, basang tela sa braso mo kung saan ka naturokan para mabawasan ang sakit. Gamitin o i-ehersisyo ang braso mo. Kung may lagnat ka, uminom ng maraming tubig, magsuot ng maluwang na damit at magpahinga. Kung masakit **pa rin pagkatapos ng 24 oras, makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa pag-inom ng Tylenol o ibang gamot** na mabibili mo na walang reseta. Mag-sign up sa **v-safe**, kung saan magagamit mo ang iyong smartphone para masabi sa CDC ang tungkol sa mga ibang epekto pagkatapos magpabakuna sa COVID-19. Sa karamihang kaso, ang hindi magandang pakiramdam sa lagnat o masakit na braso o pamamaga kung saan ka tinurokan ay **hindi magtatagal ng ilang araw** pagkatapos mong maturokan ng bakuna sa COVID-19. Tawagan ang iyong doktor o healthcare provider kung ang pamumula o kalambutan kung saan ka tinurokan ay lumalala pagkatapos ng 24 oras o kung ang iyong mga ibang epekto ay nakakabahala sa iyo o kung parang hindi nawawala pagkalipas ng ilang araw.		
Ano ang mga bihirang komplikasyon?	**Iniimbestigahan ng mga ahensya ng pampublikong kalusugan ang mga bihirang ulat na ito.** **Ang mga posibleng komplikasyon** sa pagpapabakuna ng Pfizer-BioNTech o Moderna ay pamamaga ng puso na tinatawag na myocarditis at pericarditis. Para sa bakuna ng Johnson & Johnson, ang mga posibleng komplikasyon ay pamumuo ng dugo na may mababang platelet at sakit sa nervous system na tinatawag na Guillain-Barré syndrome. Kung may mga tanong ka tungkol sa mga kondisyong ito, **makipag-usap sa iyong healthcare provider o tumawag sa 877-VAX-IN-VA (877-829-4682).** Para sa dagdag na impormasyon, mangyaring bumisita sa Kaligtasan ng mga Bakuna sa COVID-19 **(cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/safety/safety-of-vaccines.html)**.		

7/29/21